# PINAG-ISANG MGA PIRASO 拼湊一起

**Mga Solusyong-Bayan para sa Pamayanang Empleyo at Lokal na Ekonomiya**

人民推動鄰舍就業及地方經濟的解決方案




**給三藩市第 11 區的推薦**

由科爾曼兒童及青少年倡議、
菲律賓社區中心、和人民組織
去要求環境及經濟權益聯同華
人權益促進會籌備

**REKOMENDASYON PARA SA DISTRITO 11 NG SAN FRANCISCO**

**Inihanda**
**ng Coleman Advocates,**
**Filipino Community Center, at ng PODER**
sa pakikipagtulungan ng
Chinese for Affirmative Action

**APRIL 2012**

NAGKAKAISANG MGA KUMUNIDAD PARA SA KALUSUGAN AT KATARUNGAN

社區聯合衛生與公義

**Coleman Advocates for Children & Youth 科爾曼兒童青年倡導會** 459 Vienna Street, San Francisco, CA 94112 p: 415.239.0161 • f: 415.239.0584 • e: info@colemanadvocates.org

**Filippino Community Center 菲律賓裔社區中心 (FCC)** 4681 Mission St., San Francisco, CA 94112 p: 415.333.6267 • f: 415.333.6495 • e: info@filipinocc.org

**People Oraganizing to Demand Environmental & Economic Rights 環境和經濟權利需求人民組織 (PODER)** 474 Valencia Street, #125, San Francisco, CA 94103 p: 415.431.4210 • e: info@podersf.org • www.podersf.org • www.facebook.com/pages/PODER-SF

**PAGPAPASALAMAT**

Mahigit 230 kasapi ng komunidad mula sa Distrito 11 ang nagsama-sama para bigyang hugis ang mga tuklas na ito; nais naming sila ay pasalamatan sa kanilang paghahandog ng kanilang mga karanasan at kadalubhasaan. Nais din naming pasalamatan ang mga sumusunod na samahan na nag-imbita sa kanilang mga kliyente, mga kasapi, at mga pamilya na makilahok sa Consulta Popular. Excelsior Family Connections, OMI Family Resource Center, Mission YMCA, 100% College Prep, Students Making a Change at City College of San Francisco, APA Family Support Services, Mujeres Unidas y Activas, Pride at Work, Young Workers United, La Raza Centro Legal, Chinese Progressive Association, POWER, Hillcrest Elementary, Carver Elementary, Burton High School, at Cleveland Elementary.

Nais ring pasalamatan ng CUHJ ang pakikipagsabwatan sa Chinese for Affirmative Action, na gumampan sa papel na partner sa proyektong ito at silang nag-ukol ng maraming panahon ng pananaliksik, pagsusuri, at pagsusulat. Sa partikular, nais rin naming taus-pusong pasalamatan si Grace Lee, pangunahing may-akda, at Jenny Lam, na kung hindi dahil sa kanila, ang ulat na ito ay hindi mailalathala.

**感謝書**

超過230名來自11區的社區成員一起創立了這些成就，我們衷心的感謝那些為我們提供第一手經驗和專業知識的人們。我們衷心的感謝以下的為我們邀請了他們的客戶，會員，家庭來參與積極協商的機構：艾克賽爾區家庭聯會 Excelsior Family Connections,OMI家庭資源中心，米申區基督教青年會 mission YMCA，　百分百大學預備 100% college prep, 舊金山城市大學學生改進會（Student Making a Change at City College of San Francisco , APA家庭支持服務中心，女性團結活躍會 Mujeres Unidas y Activas,工作驕傲 Pride at Work, 青年工會，LA RAZA法律中心，華人進步會，POWER Hillcrest 小學，Carver 小學 Burton高中和Cleveland小學。

CUHJ很高興與華促會合作。華促會是我們的項目的重要合作夥伴，為我們的項目提供了許多小時的調查，分析和寫作。我們在此要特別由衷的感謝Grace Lee 原文作者和Jenny Lam。沒有他們的努力，這份報告就不會被出版。

另外，我們要感謝經濟與勞動力發展辦公室為我們的項目提供的幫助以及他們對我們從一開始為社區改進方案的信任。最後，我們要感謝市參事艾華樂辦公室的領導和他們對我們社區活動的強力宣傳支持。

# PANGKALAHATANG BUOD

Sa matagal nang panahon, ang mga plano ng pang-ekonomiyang kaunlaran at mga estratehiya sa paglilikha ng empleyo para sa mahihirap sa pamayanan ay pawang mga gawa sa loob ng kulong na silid. Bunga nito, ang mga manggagawa ng San Francisco ay nagmana ng ekonomiya na humahadlang sa kanilang magandang bukas at nagsasamantala sa manggagawa sa pamamagitan ng mababang pagpapasahod o impormal na paggawa. May mas magandang paraan. Nagsisimula sa mga pamayanang solusyon na mula mismo sa mga kabataan, nakatatanda, kababaihan at kalalakihan na nagkaisang nag-usap at nagplano. Tinutuloy ng mga ahensyang pampubliko na humaharap bilang matibay na kabalikat ng pamayanan, para bumalangkas ng mga pagbabago sa patakaran at magbigay ng pampublikong puhunan. Ito ang ganap na nangyayari sa Distrito 11 ng San Francisco.

TAGALOG

Mismong ang mga taga-Distrito 11 ang siyang nangunguna sa pampamayanang pagsisikap na makalikha ng mga bagong modelo at pang-ekonomiyang alternatibo. Tatlong samahang-bayan, ang Filipino Community Center, Coleman Advocates for Children and Youth, at PODER (People Organizing to Demand Environmental and Economic Rights), ang namumuno sa pagsisikap na mapasakamay na muli ng komunidad ang kanilang ekonomiya. Kapit-bisig, ang ating mga samahang-bayan ang nagbibigay-hugis sa isang estratehiyang magpapaunlad ng pang-ekonomiya at panlakas-paggawa bilang tugon sa mga katangi-tanging pangagailangan ng ating Distrito.

Isinasalarawan ng ulat na ito ang ating mga pagsisikap na mapalago ang lakas-paggawa at ang pang-ekonomiyang oportunidad ng Distrito 11. Ipinapakita nito ang ating mga tuklas bunga ng pampamayanang pagtatasa kung saan siniyasat natin ang mga bagay na humahadlang sa empleyo at ekonomiya na kinakaharap ng mga taga-Distrito 11 at ilan pang mga kabahagi nito.

Ang pampamayanang pagtatasa, o Consulta Popular, ay isang modelong hiram mula sa mga sariling tradisyong pampamayanan ng mga imigrante; ito ay prosesong inugat sa demokrasya, pagsasakapangyarihan, at lutas-problemang pamamaraan batay sa komunidad. Ibinabahagi ng ulat na ito ang mga rekomendasyon at pampatakarang implikasyon bunga ng kolektibong pagiisip na lumitaw sa mga consultas.

Ang paglilikha ng mga oportunidad para sa lakas-paggawa ng taga-San Francisco ay hindi na isang bagong hamon. Sa Distrito 11, may mga mahahalagang isyu na di nabigyan ng karampatang pansin ng Lungsod dala ng kakulangan ng dedikadong serbisyo para sa mga lakas-paggawa at dala na rin ng kakitiran ng naaabot ng mga aktibidad na pang-ekonomiyang kaunlaran ng Lungsod.

Dagdag pa, may hindi kapani-paniwalang pagkakaiba ang mga tao at ang kanilang mga pangangailangan: malaking populasyon ng mga kabataan at mga nakatatanda, karamihan ng mga salat sa wikang Ingles, ang pinakamalaking populasyon ng Lungsod na ipinanganak sa ibang bansa, maraming imigranteng walang papel, at, mga indibidwal na may rekord na kriminal. Dahil sa kanyang kakaibang kumposisyon, ang Distrito 11 ay nangangailangan ng mahusay na estratehiyang makakultura na epektibong magpapanday sa mayamang galing at talino ng mga pagkakaiba ng komunidad.

Napapanahon ang paglalathala ng ulat na ito ngayong ang ating bansa, estado at lungsod ay patuloy na nakikibakang makaahon sa ekonomiya at sa sukdulang taas ng bilang ng walang trabaho. Ang iba't ibang kumunidad ng Distrito 11 ay may angking galing at talino, subalit mas madalas na hindi lubos na pinakikinabangan ang mga ito ng Lungsod at ng mga tradisyunal na negosyante. Kadalasan, ang ating Lungsod at ekonomiya ay bigo sa pagkilala sa lakas ng ating likas na lakas-paggawa. Buo ang ating paniniwala na ang kakaibang galing at lakas ng iba't ibang kumunidad ng Distrito 11 ay sapat para lumikha ng matibay na lokal na ekonomiya; ang naturang pagkukulang ay ang sapat na pamumuhunan at mga rekurso upang matupad ang kanilang mga pangarap.


Ang bunga ng ating mga *consultas* ay nagbibigay ng makapangyarihang salaysay mula sa mga indibidwal, mga pamilya at mga kumunidad na nakikibakang mapaglaanan ng mga serbisyo ng pagsasanay sa lakas-paggawa nang sa gayun ay ganap silang makatindig sa sarili. Kaalinsabay nito, ang kanilang makabagbag-damdaming salaysay ay nag-aalok ng lunas at sapantaha na karapat-dapat na mabigyan ng maingat na pagsasaalang-alang ng ating mga tagapagtaguyod, mga negosyante, mga tagapamuhunan, at mga ahensya ng Lungsod. Sa kabuuan, handog nila ang isang kumprehensibong solusyong-bayan upang mapalago ang pampamayanang empleyo at mapalakas ang lokal na ekonomiya.

# BUOD NG MGA TUKLAS AT MGA REKOMENDASYON

## MGA TUKLAS

Apat na prominenteng tema ang umangat mula sa aktwal na kadalubhasaan at mga karanasang ibinahagi ng mga kasapi ng kumunidad sa mga *Consulta Popular:* (1) ang paulit-ulit na pangsasamantala sa mga karapatang manggagawa at kakulangan ng sapat na pag-aaral at pagtataguyod sa mga karapatang manggagawa; (2) ang kakulangan ng oportunidad na makapag-impok ng koooperatibang yaman; (3) ang pangangailangan ng mahusay na makakulturang serbisyo sa empleyo at mga rekurso sa loob ng heograpikong hangganan ng Distrito 11; at, (4) ang pangangailangang ng mga reporma sa mga pampublikong patakaran upang mapalawak ang lokal na oportunidad sa empleyo.

1. **Mga Karapatang Manggagawa at Marangal na Pagawaan.**
   a. Ang pagsasamantala sa manggagawa ay isang seryosong bagay na humhadlang sa empleyo ng mga taga-kumunidad. Ito ang pumipigil sa kanila upang kamtin ang sustenido at malusog na pamumuhay sa San Francisco.
   b. Ang mga taga-Distrito 11 ay naniniwala sa koordinadong pamamaraan kabalikat ang lahat nilang kabahagi (tulad ng mga nahalal na opisyal, mga kagawaran ng Lungsod, mga negosyante, at mga tagapagtaguyod ng kumunidad) na mapanagot ang mga mapagsamantalang negosyante.
2. **Pag-limpok ng mga Pang-ekonomiyang Kooperatibang Yaman.**
   a. Ang mga taga-Distrito 11 ay naghahangad na makapagpalago ng mga negosyo at maging maliit na mga negosyante.
   b. Ang mga taga-Distrito 11 ay naaakit sa mga modelong kooperatibang pang-ekonomiya, sa demokrasya sa pagawaan, at sa hangaring makapag-impok ng pang-ekonomiyang yaman.
3. **Mga Mahusay na Makakulturang Suportang Serbisyo sa Empleyo.**
   a. May pangangailangan ang kumunidad sa mahusay na makakulturang serbisyo sa empleyo upang matugunan ang kagyat na pangangailangan ng mga naghahanap ng trabaho.
   b. Ang mga kasalukuyang kalakaran ng suportang empleyo ay walang sapat na kakayahang pangkultura, upang ganap na tugunan ang mga balakid sa empleyo ng mga taga-Distrito 11.
4. **Mga Oportunidad sa Karera sa mga Pampublikong Pamumuhunan at mga Patakaran**
   a. Nais makita ng mga taga-kumunidad ang mas malaking pampublikong puhunan sa mga oportunidad ng pagsasanay sa tanggapan o ng mga pag-aaral batay sa industriya.
   b. Kinikilala ng mga taga-Distrito 11 na ang pampublikong puhunan at pang-ekonomiyang kaunlaran ay makapaglilikha ng empleyo at nais rin nilang makakita ng mas maraming oportunidad sa empleyo, na pinupondohan ng Lungsod, para sa mga kabataan at mga nasa tamang edad na makapagtrabaho.



## MGA REKOMENDASYON

Ang mga rekomendasyong ito ay pinag-isang mga piraso upang mabuo ang isang kumprehensibong estratehiya na mabisang susuporta sa pangangailangang pang-ekonomiya at panlakas-paggawa ng Distrito 11. Tinugunan ng apat na tema ang magkakaibang hamon na sa pag-unawa ng mga taga-kumunidad ay pawang magkakaugnay, na nangangailangan ng pinag-isang mga solusyon at ng iba't ibang estratehiya.

**1. Suporta sa multilingwal at multirasyal na pagtutulungan at pagkakaisa ng mga kumunidad nang labis na mapalawak ang pagpapaabot, pagtataguyod, at pagpapatupad ng mga karapatang manggagawa. Ang mga pagsisikap na ito ay maaaring magbunga ng:**

a. Karagdagang kapasidad para sa, at abot-kamay na paraan tungo sa mga mapagkakatiwalaang legal na mga rekurso para sa mga mahirap abutin o mga kapus-lingkod na mga kumunidad na pawang nanganganib sa pagsasamantalang paggawa;

b. Karagdagang bilang ng mga reklamong *Wage Theft* na isinalang sa *Office of Labor Standard and Enforcement*;

c. Karagdagang pagsisikap na maka-ugnay at mapagsanay ng *Know Your Rights* ang mga negosyante, mga manggagawa at mga samahang-bayan sa Distrito 11, at matukoy na ugnayan ang mga mas mahinang kumunidad, kabilang na rito ang mga walang papel, kabataan, nakatatanda, at dating mga bilanggong manggagawa.

d. Ang pagbubuo ng mga *network* ng mga negosyanteng naging tapat sa maka-manggagawang praktis, kung saan maaaring isangguni ang mga naghahanap ng mapapasukan.

e. Ang pagtatatag ng mga susing pakikipagtulungan sa lahat ng mga kabahagi ng kumunidad, kasama na ang mga samahang-bayan, mga dalubhasa sa batas, mga negosyante, mga kagawaran ng lungsod, at mga manggagawa;

f. Pagpapaunlad ng pamumuno at pagsasakapangyarihan ng mga taga-komunidad nang sila ay magtulungan sa pagpapabuti ng kondisyon sa paggawa;

g. Pagpapagamit ng *San Francisco City ID card* bilang sapat na dokumentasyon para makalahok sa mga serbisyo at pagsisikap na nagpapa-unlad sa lakas-paggawa.

**2. Suporta sa pagpapaunlad ng mga modelo at saklaw ng alternatibo at kooperatibang pangangalakal upang makapagpalago ng pampinansyang pag-aaral at yaman ang mga taga-kumunidad. Marapat na kabilang sa mga inaasahang bunga ng mga pagsisikap na ito ang sumusunod:**

a. Ang pagbubuo ng isang institusyong magsasanay ukol sa kooperatiba na may pangkat ng mga taga-kumunidad na papaloob sa masidhing pagsasanay sa pagbubuo ng mga kooperatiba: pagsasaplano ng negosyo, pananalapi, teknikal na tulong, legalidad at pagsasapamilihan. Kasama sa pagsasanay kung paano mapapanday ang kanilang mga angking kagalingan, makoordina ang ilang mga proyekto ng pakikipagdamayan, at mabuo sila bilang mga kooperatibang manggagawa;

b. Pakikipagtulungan sa iba pang kooperatiba upang magbahaginan ng mga rekurso, masulit ang mga tulong teknikal at oportunidad sa pagsasanay para sa mga bagong negosyante;

c. Pagsisikap sa pagtataguyod na makipagtulungan sa mga lokal na *anchor institutions* upang gamitin ang mga lokal na pamayanang kooperatiba para sa mga kontratang serbisyo na gumagampan ng mga punong tungkulin sa mga ankop na larangan;

d. Karagdagang karunungan na pampinansya at pang-ekonomiya para sa mga taga-Distrito 11 nang matiyak ang masinop na paghahanda para sa pagpapayabong sa mga kooperatibang manggagawa, i.e. pagsasanay sa mga usaping gaya ng pananaliksik sa merkado at pang-ekonomiyang pagsusuri (*market research and economic analysis*) sa Bay Area at San Francisco; pagtatasa ng mga kakayahan ng kumunidad (*skills assessment of community members*); pagrerepaso at pagsusuri ng mga lokal at maliliit na plano sa negosyo (*review and analysis of local, small business plans*); oportunidad sa pagnenegosyo at peryang pangkumunidad (*entrepreneurship opportunities*

*and community fairs*); at pamamaraang legal at estratehiya para makapagtrabaho ang mga walang papel (*legal resources and strategies for undocumented persons to access employment*);

e. Karagdagang programa na makapagbibigay puhunan, pautang sa mababang interes, at/o iba pang tulong-pampinansya (*grant*) sa mga maliliit na negosyo at mga kooperatibang manggagawa.

f. Pagpapagamit ng *San Francisco City ID card* bilang sapat na dokumentasyon para makalahok sa mga serbisyo at pagsisikap na nagpapa-unlad sa lakas-paggawa.

**3. Karagdagang suportang serbisyo sa empleyo sa mga pamayanan ng Distrito 11 na magbibigay ng angkop na makakultural, abot-kamay na suportang serbisyo at mga rekursong materyal para tugunan ang mga kagyat na pangangailangan ng mga naghahanap ng mapapasukan. Partikular na atensyon ang dapat na ituon sa mga walang papel, kabataan, nakatatanda, salat sa wikang Ingles, at mga dating bilanggo. Marapat na kasama sa bunga ng mga ganitong pagsisikap ang:**

a. Isang madaling mapuntahan na sentro ng serbisyo-empleyo sa loob ng heograpikong hangganan ng Distrito 11, na umugat sa matagalan at tiwalang pakikipag-ugnayan sa komunidad.

b. Isang mas personal na panibagong balangkas ng pagproproseso ng pagtanggap sa mga kliyente na may suportang mekanismo sa pagitan ng tag-apagtustos at kliyente para mapalago ang kanilang ugnayan.

c. Pakikipagtulungan sa mga samahang-bayan para matukoy ang mga negosyante at makapagbuo ng *network* ng mga negosyanteng kumikilala sa mga karapatang manggagawa na magseseguro ng kalidad ng pagtatanggap sa mga naghahanap ng trabaho.

d. Pagpaparami ng oportunidad na mapaunlad ang galing-paggawa sa Distrito 11, kasama na ang karagdagang bilang ng pagsasanay sa paggamit ng kompyuter, pagsusulat ng *resume*, pagpapanday ng kakayahan sa pakikipanayam, at kung paano punuan ang kanilang mga aplikasyon sa trabaho.

e. Mga rekursong nakapokus sa paglalansag sa mga pinakatampok na balakid sa empleyo ng Distrito 11: kahinaan sa wikang Ingles at kakulangan ng abot-kayang pangalagaan ng mga bata.

f. Isang pormal na programang tagapagpayo (*mentorship*) na magpapadali sa bahaginan ng mga kakayahan at karanasan ng mga taga-kumunidad.

g. Pagpapagamit ng San Francisco City ID card bilang sapat na dokumentasyon para makalahok sa mga serbisyo at pagsisikap na nagpapa-unlad sa lakas-paggawa.

**4. Magsusog ng mga lokal na patakaran nang malubos ang lokal na empleyo, pagsasanay, pagpapalago ng mga trabaho at koordinasyon sa pang-ekonomiyang kaunlaran. Mga maaring halimbawa ng mga ganitong inisyatibo sa pampublikong patakaran ay:**

a. Mapalawak ang lokal na patakaran sa pagtanggap ng mga empleyado ng San Francisco nang mapabilang dito ang iba pang sektor na kasalukuyang suportado ng mga buwis ng mamamayan;

b. Mga oportunidad na sadyang para sa pagsasanay at pag-aaral upang makadagdag sa matagalang empleyo ng mga residente lalu na sa mga *Census Tracts* na mayroong mataas na bilang ng kawalang trabaho o duon sa mga kumakaharap ng malaking balakid sa empleyo tulad ng mga may kahinaan sa wikang Ingles, mga dating bilanggo, mga kulang sa pormal na kwalipikasyong pang-edukasyon, mga kabataan, mga nakatatanda, at mga walang papel;

c. Pagpapasauna ng mga pampublikong puhunan sa mga oportunidad na nagsasanay sa tanggapan o mga inisyatibo sa pagsasanay na may *job certification* o *job placement* sa mga lumalagong sektor at industriya;

d. Mas lalung pagpapalawak sa pambuong-taon at gayundin sa mga pang-tag-araw na trabaho't oportunidad sa pagsasanay para sa mga kabataan. Mangyari kasi na ang Distrito 11 ay binubuo ng may pinakamalaking populasyon ng kabataan at pamilya;

e. Pagbibigay ng mga insentibo at diskwento sa *bid* para sa lokal na maliliit na negosyo at kooperatibang manggagawa, nang makakuha sila ng mga kontrata sa lungsod o mula sa mga *anchor institutions* na nakabase as lungsod;

f. Karagdagang programa na makapagbibigay puhunan, pautang sa mababang interes, at/o iba pang tulong-pampinansya (*grant*) sa mga maliliit na negosyo at mga kooperatibang manggagawa.

# 執行摘要




長久以來，經濟發展計劃及創造就業策略影響低收入社區成員已經孵化成閉門造車了。結果是，辛勤工作的三藩市居民繼承了最惡劣的未來經濟機會，工人被低工資及非正式工作來剝削。應該有更好的方法。它始於在鄰舍與青少年、長者、婦女、和男士一起談論及策劃解決方案。它繼續與公共機關同步向前邁進，並與社區聯手成為強大的伙伴，制定政策改變和提供公共投資。這正好發生於三藩市第 11區。

第 11區鄰舍居民正帶領社區努力去創造新模式和經濟選擇。三個社區組織，菲律賓社區中心、科爾曼兒童及青少年倡議、和人民組織去要求環境及經濟權益(PODER)，正帶領籌備工作去把經濟回歸我們社區的手中。團結一起，我們的組織正塑造一個經濟及勞動力發展計劃來符合我們區內的獨特需要。

這份報告提供我們努力在第 11區增長勞動力和經濟機會的寫照。它提供來自我們社區評估的結論，我們在那裏調查第 11區社區居民及利益相關人士面對的就業及經濟障礙。

我們的社區評估，或稱“普及諮詢”，是一項模式，它借使用移民社區成員的原居地傳統；這項過程扎根於民主、授權、和社區解決問題。這份報告分享推薦及政策含義，它在“普及諮詢”期間顯露於共同集益廣思。

為三藩市居民創造勞動力機會並非新挑戰。在 11區，那是值得注意的問題，市政府並未有妥善解決鄰舍缺乏專業勞動力服務和有限地得到市政府的經濟發展活動。

進一步，那裏有一個不可思議的多元文化及需要：數目相當大的青少年及長者人口、很多英語能力有限的居民、全市最多外國出生人口、很多無證移民、和眾多曾有犯罪記錄的人士。因為這個獨特的組合，第 11區居民要求文化勝任的策劃來有效地善用多元文化社區的豐富技能和才能。

適時發佈這份報告，正值我們全國、州、和城市在經濟復蘇和史無前例的失業率中繼續奮鬥。第 11區的多元文化人口擁有技能及才能，但他們常常未被我們的市政府和傳統僱主所充分利用。很多時候，我們的市政府及經濟都不能夠建立我們自產本土勞動力的優勢。我們相信第 11區社區的獨特技能和優勢可以建立一個強大、本土經濟；它們是缺乏投資及資源來令夢想成真。

我們的“普及諮詢”結果提供了很多的個別、家庭及社區敘述他們如何爭扎得到勞動力發展服務和獲得自足。同時，他們令人信服的敘述提供了解決方案和想法，值得倡議者、僱主、撥款者和市政府機關仔細考慮。兩者合計，他們提供綜合、人民推動增加鄰近工作和加強本地經濟的方案。

中文

# 結論和推薦扼要

## 結論

四個突出的主題出現於第一手專業知識和社區成員在“普及諮詢”期間分享的經驗 :(1) 長期剝削工人的權利和缺乏工人權利教育及倡議；(2) 缺乏機會去建立合作經濟資產；(3) 需要在第 11 區地理範圍內有文化勝任就業輔導服務及資源；(4) 需要公共政策改革來擴展本地就業機會。

**1. 工人權利科技有尊嚴的工作場所。**

a. 工人被剝削是社區成員嚴重的就業障礙，妨礙他們在三藩市獲得可持續、健康的生活。

b. 第 11 區社區成員相信所有利益相關人士（如：民選官員、市政府部門、僱主、和社區倡議）應該統籌方法向剝削僱主問責。

**2. 建設合作經濟資產。**

a. 第 11區居民想在鄰舍增加商業和成為小商業擁有者。

b. 第 11區居民被吸引到合作經濟模式、民主工作場所、和想要建立經濟資產。

**3. 文化主管就業支援服務。**


a. 需要有社區就業服務來應付很多求職者的即時需要。

b. 現時的就業輔導系統缺乏足夠的文化勝任能力來充分處理第 11 區的就業障礙。

**4. 公共投資和政策的職業發展。**

a. 社區成員想見到在就職訓練或工業學徒機會有更多公共投資。

b. 第 11區居民認識到公共投資及經濟發展能創造工作和想見到更多市政府撥款工作機會給本地青少年及成年居民。



## 推薦

這些推薦是連接綜合策劃的組件，它們能夠有效地支持第 11區的經濟及勞動力需要。四項主題處理不同的挑戰，社區成員明白它們是相互關聯，需要結合解決方案和一個多管齊下的策略。

**1. 支持多種語言、多元種族協作努力和社區合夥來增加外展、倡議和執行工人權利。這些努力可能導致：**

a. 令有困難取得社區法律資源或弱勢被剝削工人增加權能和信任；
b. 增加歸檔於勞工標準執行辦公室的被剝削工資申訴數目；
c. 增加外展工作和認識你的權益培訓給第 11區僱主、工人、和社區組織；和針對性外展給最脆弱的社區，包括無證人士、青少年、長者、和曾被關押的工人；
d. 創造僱主網絡來維持良好的勞工實踐，為求職者推介；
e. 為所有利益相關人士成立關鍵的合作伙伴關係，他們包括社區組織（CB0）、法律專家、僱主、市政府部門、和工人；
f. 領導發展和加強社區成員來互相幫助改善工作條件；
g. 利用三藩市身份證當作足夠的證明文件來參與勞動力發展努力及服務。

**2. 支持發展另類及合作商業模式和在社區居民間外展建立財務教育及資產。這些努力的成果應該包括：**

a. 與社區居民成立合夥培訓學院從事建立精密的合作訓練：商業計劃、財務、技術支援、法律問題、和市場。培訓包括如何扭轉技能、統籌共同援助企劃、和把它們建成工人合作社；
b. 與現存合作團體合作有效利用資源，強化技術支援和培訓機會給新商業擁有人；
c. 與駐本地機構合作倡議努力來利用本地、社區合作企業，以經營服務合約來履行那些地點的核心功能；
d. 增加第 11區居民的財務及經濟文化來確保完善地預備工人合作社的發展，例子：講座題目，如：灣區及三藩市的市場研究及經濟分析；社區成員的技能評核；審核及分析本地小商業計劃；企業機會及社區平等；和給無證人士取得就業的法律資源及策略；
e. 增加計劃來提供獲得小商業及工人合作企業的資本、低費財務、和 / 或其他基金援助；
f. 利用三藩市身份證當作足夠的證明文件來參與勞動力發展努力及服務。

**3.** **在第 11 區鄰舍增加就業輔導服務來提供文化相關、可得到輔導服務和材料資源來符合求職者的即時需要。必須特別注意無證人士、青少年、長者、英語能力有限、和曾被關押人士。這些努力的成果應該包括：**

a. 在第 11區地理範圍內能夠到達的就業輔導中心，和根種長期、信任的社區關係；
b. 重組顧客注冊流程，使它更個人化，並有輔導機制給服務提供者及顧客來培養他們的關係；
c. 與社區組織合夥來辨認僱主和創造可推薦的僱主網絡，他們有良好的工人權益實踐來確保求職者有優質工作安排；
d. 在第 11區增加工作技能發展機會，包括增加電腦培訓及資源、簡歷寫作講座、面試技能發展、和如何填寫工作申請表、等；
e. 集中資源清除第 11區最主要的就業障礙：缺乏英語流利和缺乏可負擔托兒；
f. 有結構的輔導計劃來主理社區分享技能及經驗；
g. 利用三藩市身份證當作足夠的證明文件來參與勞動力發展努力及服務。

**4.** **修訂本地政策來強化本地就業、培訓、工作增長和統籌經濟發展。這樣的公共政策提案例子可以包括：**

a. 擴展三藩市本地僱用政策至目前由本地納稅人公帑支持的其他部門；
b. 特訂培訓及學徒機會提案來增加就業及保留人口調查所記載的高失業率或那些面對明顯就業障礙的人士，如：英語能力有限、曾被關押、那些缺乏正規教育、青少年及長者、和無證人士；
c. 優先撥款公共投資於在職培訓機會或就業證書提案或增長部門及工業的工作安排；
d. 明顯擴展全年及暑期就業及培訓機會給青少年，因為第 11區有最多青少年及家庭人口；
e. 在市內就駐本地機構合約中創造獎勵或投標優惠給小型、本地擁有的商業和工人合作企業；
f. 增加計劃來提供獲得小商業及工人合作企業的資本、低費財務、和 / 或其他基金援助。

